

Makipag-ugnayan din sa Official Visitors sa pamamagitan ng paghulog ng iyong sulat sa kahon nito sa ano mang yunit ng kalusugang pangkaisipan o sa pagtawag sa (02) 9620 8218, Lunes hanggang Biyernes, magmula 8:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon.

Ang Mga Responsibilidad

Ang pagkalunas mula sa problema o sakit sa kalusugan pangkaisipan ay nangangailangan ng iyong pakikipagsabwatan sa serbisyo ng kalusugang pangkaisipan.

Bilang gumagamit sa serbisyo ng kalusugang pangkaisipan, matutulungan ninyo ang inyong sariling malunas at manatiling malusog sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Sundin ang plano ng pagka-alaga at paggamot.
- Kausapin ang isang propesyonal sa kalusugang pangkaisipan kung gusto ninyong magpalit sa paraan ng pagkagamot.
- Ipaalam sa propesyonal kung may iba pang taong tumitingin sa iyong problema na hindi kasama sa serbisyong ito.
- Dumating sa napagkasunduang oras ng pagkikita at ipaalam kaagad kung hindi makakarating sa tipanan sa takdang oras.

- Igalang ang mga karapatan, kapakanan at katiwasayan ng mga ibang taong gumagamit sa mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan.
- Gagamit lang ng mga gamot na inireseta sa iyo ng propesyonal na tagapag-alaga.
- Huwag maging marahas sa pagpapahayag ng iyong karapatan.
- Igalang ang mga karapatan ng mga propesyonal ng Kalusugang Pangkaisipan upang walang panganib sa kanilang trabaho.
- Alamin kung ano ang mga gamot na iniinom. Kung hindi kayo sigurado, humingi ng impormasyon tungkol dito.
- Sagutin ng tapat at lubos ang lahat ng tanong tungkol sa kalusugan ninyo. Ito ay napakahalaga para sa pagpa-plano sa pinakamahasag na pagka-alaga sa iyo.
- Kung sa palagay ninyo ay sumasama ang iyong pakiramdam, sabihin kaagad sa isang maaaring makatulong sa iyo.

Mga karapatan ng mga magulang o mga tagapag-alaga sa isang bata:

Maaari ninyong gamitin ang mga karapatang nasa itaas para sa mga batang nasa inyong pag-alaga kung kayo ang magulang o legal na tagapag-alaga.

Ang mga desisyon tungkol sa pagbigay ng permiso sa paggamot sa mga batang wala pang 14 taong gulang ay pangkaraniwang ginagawa ng magulang o legal na tagapag-alaga. Ang mga batang lampas sa ganitong gulang ay maaari mismo silang magbigay ng permiso upang magamot.

Mga Numero sa Telepono para sa mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan:

Saykayatri sa Pag-alaga sa mga Matatanda (Aged Care Psychiatry)

Komunidad (Merrylands)	9682 3133
Ospital ng St Josephs	9749 0308
Ospital ng Westmead	9845 6688
Ospital ng Blacktown	9881 8888

Serbisyo ng Kalusugang Pangkaisipan ng Blacktown City 9881 8888 kasama ang Bungaribee House, Early Intervention Assessment Team (BEAT) at Aged Care Services

Bridgeway House 9840 3525

Mga Pangkat sa Kalusugang Pangkaisipan sa Komunidad

Auburn	9646 2233
Dundas	9638 6511
Hills	8853 4500
Merrylands	9682 3133
Parramatta	9843 3222

Ospital ng Cumberland 9840 3000

Serbisyong Pagpapanibagong-buhay ng Granville (Rehabilitation Services) 8868 4401

Pang-aliwang Samahan ng Parramatta (Leisure House) 9806 1833

Prevention Early Intervention Recovery Services (PEIRS) 9840 3549

Redbank House Family, Child and Adolescent 9845 6577

Saykayatri sa Ospital ng Westmead 9845 6688

Ugnayan ng mga Kliyente (Network)
Cumberland 9840 3868
Blacktown 9881 8888

Paano gamitin ang iyong

Mga Karapatan & Responsibilidad

bilang kliyente ng
Mga Serbisyo sa Kalusugang
Pangkaisipan



How to exercise your

Rights & Responsibilities

as a consumer who uses
Mental Health Services

Ang Inyong Mga Karapatan

Ang pagkalunas ng mga sakit pangkaisipan ay nangangailangan ng samasamang pagtutulongan ng mga gumagamit ng serbisyo, mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, mga taong tumutulong at lahat ng mga kawani sa kalusugan.

Bilang kliyente ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, may karapatan kayong magpasya tungkol sa pagka-alaga ng inyong kalusugang. Ang mga kawani sa Serbisyo ng Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health Services) ay tutulong sa pagpoprotekta sa inyong mga kapakanan. Bibigyan kayo ng mga impormasyon upang makatulong sa iyo na makapamili kung ano ang mga nararapat sa inyong kalusugan at kapakanan.

Ang ilan sa inyong mga karapatan ay ginarantiya ng batas at sinasagot ng 1990 NSW Mental Health Act. Ang ibang mga karapatan ng mga mamamayan ay karaniwang kinilala na sa ating komunidad.

Bilang gumagamit ng mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan, kayo ay may karapatan na:

- Tratuhan at igalang ang inyong kahalagahan bilang tao, may dignidad at may mga kompidensyal na itinatago habang gumagamit ang mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan.
- Ipagtanggol laban sa pang-aabuso, panliligalig at pagsasamantala.
- Humingi ng ikalawang opinyon tungkol sa pagpapasuri at paggagamot, at

makatanggap ng tulong at payo kung paano makakakuha ng ikalawang opinyon.

- Huwag magbigay ng impormasyon tungkol sa sarili.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa pag-aalaga sa inyong kalusugan sa salitang inyong mauunawaan. Kasama na dito ang paggamit ng tagapagsalin sa sariling wika kung kayo o ang inyong mga kamag-anak ay nangangailangan nito.
- Isagawa ang inyong relihiyon basta huwag lamang ito makakasagabal sa mga karapatan at kagustuhan ng iba.
- Tumanggap ng mga tulong na propesyonal kahit ano pa ang inyong edad, kalagayan sa lipunan, kagustuhang kasarian (babae o lalake), kultura, relihiyon, nabilanggo man o hindi, paniniwalang politikal, o kung kayo man ay kayang magbayad sa isang serbisyo
- Alamin ang propesyon at mga kwalipikasyon o kakayahan ng kawaning tumitingin sa iyo.
- Malaman kung anong paggagamot o mga pagsusuri ang iniisip na gawin sa iyo ng mga kawani ng kalusugang pangkaisipan bago isagawa ito. Kailangang bigyan din kayo ng mga impormasyon tungkol sa:
 - paano makakatulong sa inyo ang mga paggagamot na ito,
 - mga iba't ibang paggagamot napuwedeng pagpipilian,
 - ano mang mga maaaring panganib o kapahamakan, o pangmatagalang epekto nito sa iyo,
 - at kung ang paggagamot ay pang-eksperimento.
- Asahan na walang impormasyon tungkol sa iyo na ibibigay sa iba na di-kasali sa pagka-alaga ninyo, liban lamang kung:

- pinahintulutan ninyong maibigay sa iba ang impormasyon, o
- iniutos ng batas na ilabas ang impormasyon.

- Humingi ng ibang propesyonal sa pangkalusugan na mag-ayos sa inyong pagka-alaga.
- Asahan ang mga kawani, sa inyong pahintulot na:
 - kausapin ang inyong pamilya o tagapag-alaga tungkol sa inyong problema at kung paano nila kayo matutulongan.
 - ipaliwanag ang inyong problema o karamdaman at paggamot sa inyong pansariling doktor o mga iba pang doktor.
- Walang mga estudyante o iba pang tao sa paligid habang kayo ay kinakapanayam o ginagamot, liban lamang kung pinapayagan ninyo.
- Hindi makisali sa mga eksperimento, mga pagtatanong o surveyo at ma-video habang kinakapanayam o ginagamot.
- Tanggapin o tanggihan ang aming mga payo, paggagamot o pag-aalaga sa ano mang oras, maliban kung iniutos ng Batas ng Kalusugan sa Pagkaisipan (Mental Health Act) ng NSW.
- Tumawag ng isang kaibigan, kamag-anak, abogado, ministro ng relihiyon, o isang tagapayo ng kliyente kung may problema na gustong pag-usapan.
- Mabasa ang nakasulat sa inyong talang pangkalusugan sa harap ng isang propesyonal sa pangkalusugan. (Upang mabasa ang inyong tala, kailangang humingi ng pahintulot alinsunod sa gabay ng Freedom of Information ng NSW Health Department)

- Magkaroon ng taong taga-suporta (isang kamag-anak, kaibigan o ibang tao) na tutulong sabihin ng inyong mga pangangailangan.
- Magreklamo tungkol sa ano mang bahagi ng pagka-alaga na hindi kayo nasisiyahan. (Tingnan ang polyetong Concerns and Appreciations)
- Mag-apila sa anumang desisyon ng Mental Health Review Tribunal o Mahistrado. Ang mga social worker ng ospital ay makapagbibigay sa iyo ng impormasyon kung paano maghatag ng apila.

Paano gamitin ang inyong mga karapatan.

Maaari kayong makipag-usap sa sino mang propesyonal sa pangkalusugang pangkaisipan tungkol sa inyong mga pangangailangan.

Ang mga tagapayo sa mga kliyente ng serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ay tutulong sa paggamit ng inyong mga karapatan. Maaari ninyo silang tawagan sa kanilang mga opisina:

Blacktown	9881 8392
Cumberland	9840 3868

Maaari rin kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa mga karapatan ninyo mula sa mga sumusunod na organisasyon:

Health Care Complaints Commission,
Patient Support Officer: 9881 1506
O libreng tawag sa 1800 043159

Mental Health Advocacy Service sa
9745 4277